# *JOHN CHRISTOPHER DG. LUBAG*

Si John Christopher DG. Lubag ay isang guro at manunulat na kasalukuyang naninirahan sa Bulacan. Lumabas ang ilan sa kaniyang mga akda sa Baga Poetry (Great Concept Publishing, Inc.), Liwayway Magazine, at Katitikan (The Literary Journal of the Philippine South). Kumukuha siya ng Rody Vera Online Playwriting Course at ng Master of Arts Malikhaing Pagsulat sa Unibersidad ng Pilipinas - Diliman.

# TAG-ULAN

Umulan na naman
ng mga bala kagabi,
At naging bubong
ang kaniyang katawan.
Walang naglakas-loob
sumilip sa bintana,
Maging ang mga kuliglig
ay biglang nanahimik.

Ganito siya pinatay:

Narinig ng mga tainga sa dingding
ang pananangis ng isang bata:

"Boss, maawa po kayo!
Hindi po ako kriminal!"

At nanatiling pundido ang mga bibig at ilaw—
walang nangialam.

"Ihagis mo 'yang baril mo!"
"Boss, wala po akong baril.
Bibili lang po ako sa tindahan."

Ngunit mas malakas ang kulog
ng mga baril
upang siya'y pakinggan.

Ganito siya pinatay:

Nakaposas.

Nanlaban.